City of Santa Clara
The Center of What's Possible

# SANTA CLARA MARSO 3, 2020
# ESPESYAL NA HALALAN

*Para sa higit na impormasyon, mangyaring bisitahin ang SantaClaraCA.gov/Elections*

## MGA KATOTOHANAN TUNGKOL SA PANUKALA C

| Tanong sa Balota sa Panukala C | |
|---|---|
| MGA HALALAN SA KONSEHO NG DISTRITO. Dapat bang susugan ang Karta ng Lungsod upang maghalal ng mga miyembro ng konseho ng lungsod ayon sa distrito, maliban sa alkalde, gaya ng sumusunod: para sa halalan sa 2020 na magtatag ng anim na distrito para sa halalan ng isang miyembro ng konseho para kumatawan sa bawat distrito; at, simula sa 2022 upang maitatag ang tatlong distrito para sa paghahalal ng dalawang miyembro ng konseho para kumatawan sa bawat distrito; at hinihingi ang independiyenteng komite sa muling pagdistrito? | **Oo**<br>**Hindi** |

**T: Ano ang Panukala C?**

A: Ang Panukala C ay isang panukala sa balota upang susugan ang Lungsod Karta upang maghalal ng mga miyembro ng konseho ayon sa distrito.

**T: Ano ang ginagawa ng Panukala C?**

A: Kung maaprubahan ang Panukala C, ang mga taga-Santa Clara ay:

- Maghahalal ng mga miyembro ng konseho ng lungsod ayon sa distrito;
- Magtatatag ng anim na distrito para sa halalan sa 2020, kung saan ang bawat miyembro ng konseho ay kakatawan sa bawat distrito (Ang Konseho ng mga Distrito 1, 4, 5 at 6 ay sa Nobyembre 2020 na balota);
- Magtatatag ng tatlong mga distrito para sa halalan sa 2022 at sa mga susunod pa, kung saan ang dalawang miyembro ng konseho ay kakatawan sa bawat distrito.

**T: Ano ang magagawa ng "Oo" na boto?**

A: Ang "Oo" na boto ay magtatatag ng mga halalan ng Konseho sa distrito sa Karta ng Lungsod. Magkakaroon ng tatlong distrito na may dalawang miyembro ng konseho na ihahalal ng mga botante sa bawat distrito.

**T: Ano ang magagawa ng "Hindi" na boto?**

A: Pananatilihin ng "Hindi" na boto ang umiiral na mga probisyon ng Karta sa Lungsod, na hinihingi na ang lahat ng mga miyembro ng konseho ng lungsod ay mahalal sa pangkalahatan ayon sa numero ng puwesto.

City of Santa Clara
The Center of What's Possible

Lungsod ng Santa Clara
1500 Warburton Avenue
Santa Clara, CA 95050

PRSRT STD
Selyo ng Estados Unidos
BINAYARAN
Permiso 92
Santa Clara, CA

# PANUKALA C

# IMPARSYAL NA PAGSUSURI NG ABOGADO NG LUNGSOD

Kung maaprubahan ng mga botante sa Marso 3, 2020, susugan ng panukalang balota na ito ang umiiral na mga Seksyon sa Karta ng Lungsod ng Santa Clara na 600 at 700.1, at idaragdag ang bagong Seksyon na 700.2, upang idagdag ang ayon sa distrito na sistema ng halalan para sa paghahalal ng mga Miyembro ng Konseho. Ang mga botante ay maaaring lamang bumoto sa mga kandidatong tumatakbo sa Distrito ng Konseho kung saan sila nakatira. Ang Alkalde, Klerk ng Lungsod at Hepe ng Pulisya ay patuloy na ihahalal sa pangkalahatan.

Matapos ang paglilitis sa ilalim ng Batas na Karapatan sa Pagboto sa California, nagpasya ang Nakatataas na Korte ng County ng Santa Clara na hinihingi sa Lunsod na magdaos ng mga halalan ng isang solong miyembro ng distrito sa ilalim ng mapa ng anim na distrito na ipinag-utos ng korte para sa kapwa 2018 at 2020 na halalan. Kasalukusyang ipinagkakaloob ng Karta ng Lungsod ng Santa Clara sa mga botante na maghalal ng mga Miyembro ng Konseho sa buong Lungsod sa pangkalahatan. Ang bawat kandidato ay dapat magtalaga kung aling numero ng puwesto ang kanilang tinatakbuhan. Kung maaprubahan, susugan ng panukala sa balota ang Karta ng Lungsod na hinihinging ang halalan sa 2020 ay ganapin para sa apat na bakanteng tanggapan ng Konseho sa mga Distrito 1, 4, 5 at 6 na lumilitaw sa mapa ng anim na distrito na ipinag-utos ng korte.

Higit na hihingin ng pagsusog sa karta na pagkatapos ng sensus ng Estados Unidos sa 2020 na magtalaga ang Konseho ng isang independiyenteng komite sa pagdistrito upang maglagay ng mga hangganan ng distrito para lumikha ng tatlong mga Distrito ng Konseho na kakatawan ang dalawang Miyembro ng Konseho sa bawat isa.

Ang pagsusog sa karta ay naglalaman din ng planong paglilipat upang matiyak na ang lahat ng mga botante ay maaaring maghalal ng isang Miyembro ng Konseho sa bawat halalan. Ang planong paglilipat ay tatakbo gaya ng sumusunod:

- Sa halalan sa Nobyembre 8, 2022, ang bawat botante sa dalawang Distrito ng Konseho kung saan mayroong isang bakanteng puwesto ay maghahalal ng isang Miyembro ng Konseho sa 4-taong termino.
- Sa halalan sa Nobyembre 5, 2024, ang bawat botante sa dalawang Distrito ng Konseho kung saan mayroong isang bakanteng puwesto ay maghahalal ng isang Miyembro ng Konseho sa 4 na taong termino, at ang mga botante ng Konseho ng Distrito na may dalawang bakanteng puwesto ay maghahalal ng dalawang Miyembro ng Konseho: isa para sa 4-taong termino at isa para sa 2-taong termino. Ang kandidatong makakakuha ng pinakamaraming boto sa Distritong iyon ay mahahalal para sa 4-taong termino; at ang kandidatong makakakuha ng pangalawang pinakamaraming boto ay mahahalal para sa 2-taong termino.
- Simula sa halalan sa 2026, at sa bawat halalan pagkatapos niyaon, ang bawat miyembro ng Konseho ay maglingkod ng 4-taong termino.

Kung maaprubahan, susugan din ng panukala sa balota ang Karta upang hingin ang 30 na araw na kinakailangan na paninirahan para sa lahat ng mga kandidato sa mga elektibong katungkulan sa Lungsod, gaya ng dapat na ang isang kandidato ay magpakita ng paninirahan sa Lungsod, at sa kaso ng mga kandidato sa Konseho sa Distrito, kailangang hindi bababa sa 30 na araw bago ang huling petsa sa paghahanay ng kandidatura.

A: Ang "Oo" na boto ay magtatatag ng mga halalan sa distrito ng Konseho sa Karta ng Lungsod. Magkakaroon ng tatlong distrito na may dalawang miyembro ng konseho na inihalal ng mga botante sa bawat distrito.

Pananatilihin ng "Hindi" na boto ang umiiral na mga probisyon sa Karta ng Lungsod, na hihingin na ang lahat ng mga Miyembro ng Konseho ng Lungsod ay mahalal sa pangkalahatan ayon sa numero ng puwesto.

BRIAN DOYLE
Abogado ng Lungsod